DIVISION OF ... DIPOLOG ...
RELEASED
05 DEC 2016
BY:
NAME:

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 453, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas Na Paaralan
Punungguro ng Mababang Paaralan
Tagapayo ng Pampaaralang Pamahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Level Ng Mga Tagapayo Ng Pampaaralang Pahayagan**

Petsa: Disyembre 5, 2016

---

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang pamantayan ng **Level Ng Mga Tagapayo Ng Pampaaralang Pahayagan** na maging gabay ng mga tagapayo ng pampaaralang pahayagan at higit na mabigyang-diin ang pagpapahalaga sa journalismo sa buong Sangay.

2. Ang layunin ng pagbuo ng pamantayan na ito ay upang lubos na mahikayat ang mga Tagapayo na dagdagan pa ang pagsisikap at paglilinang ng kakayahan ng mga batang manunulat.

3. Sa pamamagitan nito rin ay magganyak ang mga Tagapayo na maglakas-loob at walang humpay ang pagnanasang maiangat ang kanyang lebel sa larangan ng journalism dahil may katumbas na gawad ang pagsisikap at makabuluhang ambag para sa *Division performance* sa journalismo.

4. Mula sa panukalang ito ay nais pagkalooban ng **plus factor** ang mga Tagapayo na ayon sa kanilang naabot na lebel kung saan **8%** para sa Level 5; **6%** - Level 4; **4%** -Level 3; **2%** sa Level 2 at **1%** para sa Level 1.

5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 453, serye 2016

***Level Ng Mga Tagapayo Ng Pampaaralang Pahayagan**

**Level 1**

1. Nakapaglathala ng pampaaralang pahayagan.
2. Nakasali sa Division Schools Press Conference (DSPC).
3. Nakapagsagawa ng **tutorial** na may kasamang patunay na dokumento.

**Level 2**

1. Nakapaglathala ng pampaaralang pahayagan ng tatlong sunod-sunod na taon.
2. Nanalo sa Division Schools Press Conference at kuwalipikado para sa Regional Schools Press Conference, paaralang pahayagan man o kalahok na mag-aaral.
3. Nakapagsagawa ng seminar o palihan sa journalismo sa lebel pampaaralan.
4. Kuwalipikado sa National Schools Press Conference kahit unang pagkakataon pa lamang nakapaglathala ng pampaaralang pahayagan.

**Level 3**

1. Nakapaglathala ng pampaaralang pahayagan ng limang sunod-sunod na taon.
2. Division Level Resource Speaker sa pampaaralang pamahayagan.
3. May panalo sa Regional Schools Press Conference.
4. Regionally trained coach.

**Level 4**

1. Sampung sunod-sunod na taon na Tagapayo sa pampaaralang pahayagan/ tagasanay.
2. Tatlong beses ng kuwalipikado sa National Schools Press Conference o may panalo sa NSPC, paaralang pahayagan man o kalahok na mag-aaral
3. Trainor ng seminar sa pampaaralang pamahayagan sa lebel na Pansangay.

**Level 5**

1. Pinarangalang *Outstanding School Paper Adviser* ng rehiyon.
2. *Excellence Awardee* ng rehiyon sa larangan ng journalism.

*Ang mga pamantayan na ito ay nabuo sa pagkakaisa ng mga Tagapayo ng pampaaralang pahayagan na pinangungunahan ng Pangulo ng Kapisanan Gng. Nelia S. Lim.